

DRAFT – PANLOOB NA GAMIT LAMANG

Pagpapalabas ng Balita ng California Department of Fish and Wildlife

Dis. 31 2015

Kontak sa Media:

Jordan Traverso, CDFW Communications, (916) 654-9937

Komersiyal at Recreational na Rock Crab at Recreational na Dungeness na Palaisdaan ng Alimasag ay Bukas sa Timog na Bahagi ng Estado

Noong Disyembre 31, 2015, ang California Department of Fish and Wildlife (CDFW) at ang Fish and Game Commission (Commission) ay inabisuhan ng direktor ng Office of Environmental Health Hazard Assessment (OEHHA) na, sa pagkonsulta sa direktor ng California Department of Public Health (CDPH), nalaman na ang Dungeness at rock crab na nahuli sa baybayin ng mainland timog ng 35° 40' N Latitude (malapit sa Piedras Blancas Light Station sa San Luis Obispo County) ay wala nang makabuluhang peligro sa kalusugan ng tao mula sa matataas na lebel ng asidong domoic at ang mga palaisdaan ay dapat buksan sa paraang alinsunod sa mga pang-emergency na regulasyon. Ang pagtukoy na ito ay batay sa malawak na pagsa-sample na isinagawa ng CDPH sa malapitang koordinasyon sa CDFW at mga kinatawan na palaisdaan.

Alinsunod sa mga pang-emergency na regulasyon na ipinatupad ng Commission at CDFW noong Nobyembre 5 at 6 bilang naaayon, ang kasalukuyang mga bukas at saradong lugar ay ang sumusunod:

Kabilang sa mga lugar na **bukas** sa paghuli ng alimasag ay:

- Mga recreational na Dungeness at palaisdaan ng rock crab na nasa baybayin ng mainland Timog ng 35° 40' N Latitude (Piedras Blancas Light Station)
- Komersiyal na palaisdaan ng rock crab sa baybayin ng mainland Timog ng 35° 40' N Latitude (Piedras Blancas Light Station)

Kabilang sa mga lugar na **sarado** pa rin sa palaisdaan ng alimasag ay:

- Komersiyal na palaisdaan ng Dungeness na alimasag sa buong estado
- Recreational na palaisdaan ng Dungeness na alimasag hilaga ng 35° 40' N Latitude (Piedras Blancas Light Station)
- Komersiyal at recreational na palaisdaan ng rock crab Hilaga ng 35° 40' N Latitude (Piedras Blancas Light Station)
- Komersiyal at recreational na palaisdaan ng rock crab sa mga tubigan ng estado sa paligid ng Mga Isla ng San Miguel, Santa Rosa at Santa Cruz.

Sa kabila ng ilang linggo ng mga sample na mas mababa sa mga lebel ng alerto, bilang pag-iingat, nirerekomenda ng CDPH at OEHHA na ang mga mangingisda at mga mamimili ay huwag kumain ng viscera (mga laman loob, kilala rin bilang “butter” o “guts”) ng mga alimasag. Nirerekomenda din ng CDPH at ng OEHHA na ang tubig o sabaw na ginamit para lutuin ang mga buong alimasag ay dapat itapon at huwag gamitin sa paghahanda ng mga putahe tulad ng mga sauce, sabaw, sopas, o mga nilaga. Ang viscera ay karaniwang naglalaman ng mas mataas na lebel ng asidong domoic kaysa sa karne ng katawan ng alimasag. Kapag niluto sa likido ang uong

DRAFT – PANLOOB NA GAMIT LAMANG

alimasag, maaaring lumabas ang asidong domoic mula sa viscera papunta sa nililutuang likido. Nirerekomenda ang pag-iingat na ito para maiwasan ang pinsala sa bihirang kaganapan na ang ilang alimasag na kinuha mula sa bukas na palaisdaan ay may mataas na lebel ng domoic acid.

Patuloy na malapitang makikipagkoordinang ang CDFW sa CDPH, OEHHA at mga kinatawan ng palaisdaan para malawakang masubaybayan ang lebel ng asidong domoic sa Dungeness at mga rock crab para malaman kung ligtas na mabubuksan ang mga palaisdaan sa buong estado.

###

*Ang bawat taga-California ay dapat magsagawa ng mga hakbang para **magtipid ng tubig**. Malaman kung paano sa saveourwater.com.*

***Mangyaring huwag sumagot sa email na ito.** Ang account na ito ay para sa papalabas na mga mensahe lamang at hindi tinitingnan para sa papasok na mail. Para sa mga tanong tungkol sa pagpapalabas ng balita na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa (mga) indibiduwal na nakalista sa ibaba. Salamat.*

***Mag-subscribe sa CDFW News** sa pamamagitan ng e-mail o RSS feed. Pumunta sa www.wildlife.ca.gov/news.*

I-like ang CDFW sa Facebook sa www.facebook.com/californiadfw at sa Twitter @CaliforniaDFW.

*Kapag hinanda mo ang iyong California income tax return, mangyaring isaalang-alang na **boluntaryong magbigay** sa California Sea Otter Fund (line 410) at/o sa Rare and Endangered Species Fund (line 403). Salamat! www.wildlife.ca.gov/tax-donation.*

*Iniimbitahan ang **mga taong may kapansanan** na nangangailangan ng akomodasyon para lumahok sa mga pampublikong pulong o mga ibang aktibidad ng CDFW na makipag-ugnayan sa Reasonable Accommodation Coordinator Melissa Carlin ng departamento sa (916) 651-1214 o sa melissa.carlin@wildlife.ca.gov. Ang mga makatwirang hiling sa akomodasyon at/o pagpunta sa pulong ay dapat matanggap ng hindi bababa sa 21 araw bago ang kaganapan at ang mga hiling sa real-time na pag-caption ay hindi bababa sa apat na linggo bago ang kaganapan. Ang mga timeframe na ito ay para tumulong na matiyak na ang hiniling na akomodasyon ay natugunan. Kung ang hiling sa akomodasyon ay naisumite ngunit dahil sa mga sirkumstanisya ay hindi na kailangan, mangyaring makipag-ugnayan agad sa Reasonable Accommodation Coordinator.*